TOMO 10 BILANG 4 | ISSN NO. 2599-5405 | ABRIL 2023

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

# LEVEL-UP NA ANG SARI-SARI STORES SA CARD OTTOKONEK

***ni Edrian Banania***




*Nagbigay ng mensahe ng pasasalamat si CARD MRI Founder at Chairman Emeritus sa mga nagsipaglahok sa CARD OttoKonek Caravan sa San Pablo City, Laguna. Ang nasabing caravan ay dinaluhan ng mga kliyente ng CARD MRI na binubuo halos ng mga may-ari ng sari-sari store.*

Sagisag na ng ating bansa ang kaliwa't kanang sari-sari *store* sa ating lansangan. Ito na ang naging pangkabuhayan ng marami nating kababayan. Ngunit sa pagsulpot ng *mini-marts* sa mga bara-barangay, higit nang naapektuhan ang may-ari ng mga maliliit na tindahan.

Upang protektahan ang mga nagpapatakbo ng mga maliliit na sari-sari *store* at ang kanilang kabuhayan, naglunsad ang CARD MRI ng inisyatibong magpapalakas at magpoprotekta sa kanila at sa kanilang kabuhayan.

Sa pamamagitan ng CARD OttoKonek, isang *mobile app*, maaari nang mamili ang mga sari-sari *store owner* ng kanilang mga paninda gamit lamang ang kanilang *android phones*.

Sa pamamagitan nito, matutulungan silang magkaroon ng akses sa mas mura at patas na presyo at dekalidad na mga paninda dahil direkta itong binibili sa mga *partner* na *local manufacturer* at *wholesaler*.

Ang *merchant app* na ito ay isang epektibong kasangkapan ng mga kliyente ng CARD lalo't higit ang mga nagmamay-ari ng tindahan sa pagdala sa mas mataas na antas ng kanilang pangkabuhayan.

2

## HIJOS TOURS, NAGLUNSAD NG PANIBAGONG TOUR SA LAGUNA

***ni Josephine Ramos***

Muling nagbukas ang CARD MRI Hijos Tours ng panibagong *tour program* para sa mga manlalakbay nito na tinatawag na Laguna Bayong Tour. Ito ay isang *shopping tour* na naglalayong magsulong at magpakilala sa ilang CARD entrepreneurs sa probinsya.

Dumadaan ang *tour* na ito sa mga bayan

2

KWENTONG TAGUMPAY

## PAGKAMIT NG TAGUMPAY PARA SA MAS MALAKING LAYUNIN

***ni Josephine Ramos***

Ang paghahabi ay isang sining na paraan ng mga Pilipino upang ipakilala ang pagiging malikhain, kultura, at natatanging pagkakakilanlan ng iba't ibang komunidad ng ating bansa.

Nang matapos sa kolehiyo si Mayalyn T. Dagoh, isang manghahabi

3

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **₱50.00** load via konek2CARD!

**Anong programa ng Hijos Tours ang inilunsad upang isulong ang mga lokal na produkto?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



## PINA-LEVEL UP ...

1

Sa paggamit ng CARD OttoKonek, maaari na silang umorder ng kanilang mga paninda at maihatid ang mga ito nang direkta sa *address* ng kanilang tindahan, at magkaroon ng *online* na imbentaryo ng mga ito.

Sa pamamagitan ng *app* na ito, mas mapabibilis din ang ulat ng kanilang mga naibebenta dahil na rin sa *features* nito na makatutulong sa pagsubaybay ng operasyon ng kanilang tindahan.

Tinutulungan din nito ang gumagamit ng *app* na gumawa nang tamang desisyon sa pagpapatakbo ng tindahan dahil na rin sa ibinibigay na rekomendasyon ng *app* kung anong produkto ang pinakamainam at mabenta.

Mas pinabilis din ang paggamit ng app dahil tumatanggap din ito ng *QR payments* at iba pang *online* at *cashless transactions*.

Upang mapataas pa ang bilang ng mga gumagamit ng CARD OttoKonek app, nagsasagawa ito ng serye ng *caravan* sa probinsya ng Laguna at Quezon upang maipakilala pa ang kahusayan ng paggamit ng nasabing *app*.

Umaasa ang pamunuan ng CARD na sa pamamagitan ng CARD OttoKonek, mas mapalalakas pa nito ang mga *sari-sari store owners*, hindi lang sa Laguna at Quezon, kundi sa mas malawak na bahagi ng bansa.

## HIJOS TOURS LAUNCHES ...

1



*Nakilahok ang mga kliyente ng CARD Bank mula sa Bay, Laguna sa isinagawang Laguna Bayong Tour ng Hijos Tours kung saan nagkaroon sila ng pagkakataong mamili ng mga produkto sa CARD MRI microentrepreneurs.*

ng San Pablo City, Calauan, Los Baños, Victoria, at Sta. Cruz. Nagbibigay rin ang *tour* na ito nang mas malalim na impormasyon sa mga manlalakbay tungkol sa mga produktong ibinebenta ng mga kliyente ng CARD at kung paano nila napapanatiling matatag ang kanilang negosyo.

Limang kliyente ng CARD ang binibisita sa *tour* na ito kung saan ang bawat isa ay mayroong naiibang handog na lokal na produkto, tulad ng *coconut husk* at ube halaya mula sa San Pablo City, Piñana food products mula sa Calauan, cassava buko pie mula sa Los Baños, at kinulob na itik at itlog na pula mula naman sa Victoria.

Binibigyan ng PHP1,500 *worth of product voucher* ang mga manlalakbay kung saan maaari nila itong magamit sa pagbili ng mga produktong nais nila mula sa mga bibisitahing tindahan.

Umaasa ang Hijos Tours na mas mapalalakas pa ang MSMEs sa bansa sa pamamagitan ng ganitong inisyatibo na nagpapakilala at nagsusulong sa ating mga lokal na produkto.

Kung interesado kang maranasan ang Laguna Bayong Tour, mag-iwan ng mensahe sa Hijos Tours official Facebook page, @ HijosToursOfficial.

## CMIT AT CONVERGE, PALALAKASIN ANG AKSES NG MGA PILIPINO SA SERBISYONG PAMPINANSYAL

***ni Edrian Banania***



*Pinagtibay ang ugnayan ng CMIT at Converge ICT sa pagpapalakas ng serbisyong pampinasyal ng CARD MRI sa pamamagitan ng paglagda ng Memorandum of Agreement sa Sulyap Gallery Cafe sa San Pablo City, Laguna. Mula kaliwa patungong kanan: mga kinatawan ng CMIT na sina Vice President for Business Development Ms. Maria Encarnita L. Lopez, Vice President for Corporate Governance Ms. Leyne G. De Galacia, President Mr. Edgar V. Cauyan, at mga kinatawan ng Converge na sina Chief Operating Officer Mr. Jesus C. Romero, Converge Enterprise Regional Head Mr. Blue Aldridge, at Region Head for South Luzon Mr. Eric M. Santos.*

Nakipag-ugnayan ang CARD MRI Information Technology (CMIT), ang tagapaghatid ng IT solution ng buong CARD MRI, at ang Converge ICT Solutions, tagapangunang tagapaghatid ng *fiber broadband* sa bansa, upang bigyan nang matibay na akses ang 8.8 milyong kliyente ng CARD MRI sa pampinansyal na serbisyo nito.

Ang CMIT ay miyembrong institusyon ng CARD MRI, isang grupo na binubuo ng 25 institusyon na naghahatid ng pampinansyal, hindi pampinansyal, at programang pangkaunlaran sa buong bansa. Sa pamamagitan ng ugnayang ito, ang malakas na koneksyon ng Converge ay isang mahusay na solusyon na makatutulong sa mas mataas na pagiging produktibo ng operasyon ng CARD MRI. Matutulungan din nito na makaangkop ang buong grupo ng CARD MRI sa mabilis na pagsulong ng *corporate digital landscape*.

Ayon kay CMIT President Edgar V. Cauyan, "Mahigit tatlong dekada nang nagsisilbi ang CARD MRI sa maraming pamilyang Pilipino sa pamamagitan ng mga produkto at serbisyo nitong pangkaunlaran. Sa paglipas ng panahon, patuloy kaming sumasabay sa pagbabago upang makasabay ang mga kliyente ng CARD MRI. Ngayon na tayo ay namumuhay na sa *digital age*, kinikilala namin sa CMIT ang mga institusyong makatutulong at maaasahan namin upang mapaghusay ang aming paghahatid ng serbisyo. Katuwang ang Converge, uusad kami pasulong kasama ang programa ng CARD MRI na maiangat ang antas ng pamumuhay ng mga Pilipino."

Ang ugnayan ng dalawang kompanya ay nagpapalakas sa parehong layunin nina Converge CEO at co-founder Dennis Anthony Uy na walang maiiwanan sa pamamagitan ng *digital democracy* at CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip na palakasin ang *financial inclusion*

4

KWENTONG TAGUMPAY

## PAGKAMIT NG TAGUMPAY ... 1



*Nakamit ni Mayalyn T. Dagoh ang isang matagumpay na buhay sa tulong ng kanyang negosyong handicraft.*

mula sa San Luiz, Baguio City, kinuha siya bilang isang *storekeeper*. Kalaunan ay nagpasya siyang iwan ito matapos niyang ipanganak ang kanyang panganay.

Bilang isang solong ina, matinding pagsisikap at sakripisyo ang ginawa ni Mayalyn upang maitaguyod ang kanyang anak. Pumasok din siya bilang isang *call center agent* ngunit itinigil niya ito dahil mas kailangan niyang bantayan ang kanyang anak.

Dahil natigil siya sa kanyang bahay, pinili na lamang niyang ipagpatuloy ang negosyong pangkabuhayan na namana niya sa kanyang pamilya.

Matapos maitatag ang kanyang negosyo, sumali siya sa isang asosasyon na tinutulungan ng isang ahensya ng gobyerno. Ang Department of Labor and Employment (DOLE) ay nagbibigay ng mga materyales at gawad upang makagawa sila ng mga produktong *handicraft*. Dahil sila ay isang grupo, ang kanilang kita ay karaniwang ibinabahagi nang pantay. Sa pamamagitan nito, nakakuha siya ng kita mula sa asosasyon at sa kanyang sariling negosyo. Bagama't kumikita siya, nahirapan pa rin siyang mapanatili ang sarili niyang negosyo dahil sa kakulangan ng kapital. Dahil dito, naging kliyente siya ng CARD Bank.

Taong 2009 nang makilala ni Mayalyn ang CARD Bank. Upang mapondohan ang kanyang negosyo, kumuha siya ng *loan* mula rito at ginamit sa pagbili ng mga materyales na kailangan niya. Bukod pa rito, ang iba pang produkto ng CARD Bank, tulad ng *savings* at inihahatid nitong *insurance* sa tulong ng iba pang institusyon ng CARD MRI, ang pumukaw ng kanyang interes kaya't hinimok niya ang iba pa niyang kamag-anak na maging kliyente ng bangko.

Nang dumating ang pandemya noong 2020, naging malakas niyang suporta ang CARD Bank. Dahil nagastos niya ang lahat ng pondo ng kanyang negosyo sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan, muli siyang kumuha ng *loan* mula sa CARD Bank upang muling magsimula sa kanyang negosyo. Sa gitna ng maraming limitasyon, ginamit niya ang *social media* tulad ng Facebook upang muling ipakilala ang kanyang negosyo.

Sa panahon ng *post-pandemic*, bumalik na ang sigla ng kanyang negosyo. Pinakintab rin niya ang kanyang mga produkto upang hindi ito maabot ng mga insekto at naging *supplier* din sila ng *handicraft items* sa mga pangunahing *tourist spot* sa Baguio. Sa kabila ng mataas na kompetisyon sa ganitong klase ng negosyo sa kanilang lugar, malaki pa rin ang kanyang kinikita dahil na rin sa mga kustomer na bumabalik sa kanya. Dahil dito, mas nasusuportahan niya ang pangangailangan ng kanyang anak kumpara

4

## PAGGAMIT NANG TAMANG OPORTUNIDAD

***ni Harlene Reyes***



*Sa kabila ng mga pagsubok, palaging humahanap ng oportunidad si Mardy upang magpatuloy sa buhay.*

Sa ating bansa, uso ang ukay-ukay. Dito matiyagang naghahanap ang maraming Pilipino ng kanilang OOTD gaya ng damit, sapatos, at mga aksesorya sa kanilang mga ganap sa buhay. Maraming Pilipino ang nais ditong mamili dahil mas mura, may kalidad na mga kasuotan, at malawak na disenyo. Marami na ring mga negosyante ang pumasok dito dahil maliit lang ang kapital at maliit lang ang kinakailangang pwesto sa ganitong uri ng negosyo.

Isang tubo mula sa Ibajay, Aklan, si Mardy Bendol ay nagtatrabaho noon tuwing katapusan ng linggo sa ukayan ng kanyang kapatid sa isla ng Boracay simula noong nasa ikalimang baitang pa lamang siya hanggang sa matapos sa kolehiyo.

Bumuo ng sariling pamilya si Mardy. Sa kasamaang palad, pumanaw ang kanyang asawa noong 2012 habang siya ay nagdadalang-tao at ang kanyang panganay na anak ay limang taon pa lamang. "Napakahirap ng mga panahon na ito para sa akin, ngunit nagpatuloy ako sa pagtatrabaho para sa aking mga anak," pagbabahagi niya.

Siya ay nakipagsapalaran sa Boracay at sinimulan ang kanyang sariling negosyong ukay-ukay noong 2017 gamit ang kanyang kasanayang natutuhan sa negosyo ng kanyang kapatid.

Lumago ang kanyang ukayan at naging popular sa mga naninirahan sa isla at sa mga turista. Dahil dito, nakapagtayo siya ng isang *guest house* na kanyang pinauupahan

4







## CMIT AT ... 2

at sugpuin ang kahirapan sa bansa.

Sa pamamagitan ng fiber-based broadband solution ng Converge, mas mapalalakas pa ng buong CARD MRI ang kahusayan at pagiging epektibo nito sa pagbibigay serbisyo sa mga kliyente at kanilang pamilya lalo't higit ang mga naninirahan sa malalayong lugar kung saan ang akses sa pampinansyal na serbisyo ay higit na kailangan.

Ang ugnayang ito ng CMIT at Converge na pinagtibay sa isang paglagda sa isang Memorandum of Agreement sa San Pablo City, Laguna.

Ang CMIT ang katuwang ng buong CARD MRI sa pagbuo ng IT solutions nito upang mabigyan nang mabilis na serbisyong pampinansyal at pangkaunlaran ang milyon-milyon nitong kliyente at kanilang pamilya sa buong bansa.

## PAGKAMIT NG ... 3

at nagtatrabaho rin siya sa *catering services* bilang pandagdag kita.

Taong 2019, dalawang kawani ng CARD Bank na madalas niyang maging kustomer sa kanyang ukayan, ang nag-enganyo sa kanya na maging kliyente ng bangko matapos makita ang potensyal ng kanyang negosyo. Hindi naman nagdalawang-isip si Mardy dahil nakita niya ang benepisyong naibibigay nito sa kanilang komunidad.

Nakakuha ng *loan* sa CARD Bank si Mardy na kanyang ginamit sa pagbili ng karagdagang paninda. Sa ngayon, mayroong PHP150,000 *business loan* sa bangko si Mardy na kanyang ginamit sa negosyo.

Patuloy na lumago ang kanyang negosyo. Sa kasawiang palad, nagkaroon ng *lockdown* dahil sa pandemya. Higit itong nakaapekto sa kanilang kabuhayan. Muli siyang sinubok ngunit mas nananatili siyang matatag sa pagharap dito. Lalo pa siyang nagpursige na sumubok at tanggapin ang mga oportunidad na dumarating sa kanya.

Gayunpaman ang nangyari, nagpatuloy siya sa pagbabayad sa CARD Bank kahit pa nagdeklara ang bangko ng *moratorium* sa mga kliyente nito. "Ginawa ko ang lahat ng aking makakaya para kumita at mabayaran ang aking responsibilidad sa bangko," aniya.

Hindi siya nagpatinag. Ginamit niya ang *social media* upang makapagbenta pa rin ng kanyang mga produkto mula sa kanyang ukayan. "Kung wala akong gagawin, walang mangyayari," aniya.

Sa kalagitnaan ng pandemya, nakakuha rin si Mardy ng PHP20,000 *housing loan* mula sa CARD Bank.

Isa rin siyang konek2CARD agent upang tulungan ang iba pang miyembro ng CARD Bank sa mga transaksyong pambangko ng mga ito. Ayon pa sa kanya, malaking kaluwagan ang konek2CARD app sa mga kliyente nito na hindi na makadalo sa lingguhang pagpupulong dahil sa uri ng kanilang negosyo. Nakatutulong din ang kanyang pagiging konek2CARD agent upang magkaroon ng pandagdag gastos.

Muling nagbukas ang pintuan ng kanyang ukayan sa isla habang unti-unti nang bumabangon ang ekonomiya. Sa ngayon, mayroon na siyang dalawang pwesto ng ukay-ukay at patuloy pa rin siyang nakikipagsapalaran upang mabigyan ng magandang pamumuhay ang kanyang pamilya.

## PAGKAMIT NG ... 3

sa mga nakaraang taon.

"Mas magsusumikap ako nang husto para sa aking anak. Ang ganitong kaugalian ang nagdala sa akin kung nasaan ako ngayon. Gusto kong sabihin sa mga tao na alamin ang kanilang mga prayoridad at layunin sa buhay upang matututuhan ang mga kaya pa nilang mapagtagumpayan," pagtatapos ni Mayalyn.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Berwyn Lloyd D. Buenaseda
Medel E. Valencia
Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Writers